

Inuyama Multilingual News

Publishing•Editing:
Inuyama International Association
Petsa ng paglathala: 2026.03.03
Bersiyong Tagalog (No. 12)

Sa pamamagitan ng bukas na pag-uusap at kasabay na pagbabago, nakalilikha tayo ng bagong lakas.

— Mula sa hindi pagkakaunawaan ay magkasama natin itong baybayin. —

<Bilang paggunita sa ika-30 anibersaryo ng pagkakatatag ng Inuyama International Exchange Association, inimitahan namin bilang panauhing tagapagsalita ang popular na playwright na si G. Hirata Oriza at nagsagawa ng isang panayam. Ang sumusunod ay buod ng piling bahagi ng kanyang bahayad.>

Ano ang mga kasanayan sa komunikasyon na kailangan sa makabagong panahon?

Ang komunikasyon sa pakikipag-ugnayan sa iba't ibang kultura, ay tuloy-tuloy na pagkakamali mula sa magkabilang panig. Hindi ang paghahanap ng “tamang sagot”, kundi ang kakayahang bumawi at maitama ang naging pagkakamali. Ayos lang na sabihing, “*Ganito pala ang iniisip mo? Pasensya na, nagkamali ako ng pagkaintindi.*” “*Bakit hindi mo sinabi?*” “*Sinabi ko naman.*”

Ang mahalaga ay kung nagagawa ba ang ganitong palitan ng usapan nang maayos na samahan. Iyan ang tunay na kahulugan ng global communication skills. Bagama't mahalaga rin ang kakayahang sa debate at speech, higit na mas mahalaga ang kakayahang magsabi ng “*Ah, ganun pala, nagkamali ako ng pagkaintindi,*” at habang nagkakamali, unti-unting inaangkop at pinapantay ang konteksto^{*1}.

^{*1} Konteksto : tumutukoy sa impormasyong nakatutulong sa pag-unawa sa isang bagay, kabilang ang kahulugan ng daloy ng usapan o teksto, pinagmulan o background, at kalagayan o sitwasyon.

Mahalagang matutunan na makita ang maliliit na pagkakaiba.

Mahalagang matukoy ang pagkakaiba ng bawat isa. Ang mga pagkakaiba sa pang-araw-araw na pamumuhay ay kadalasang mahirap matukoy, ngunit nagiging posible itong makita at maunawaan sa pamamagitan ng madalas at patuloy na pakikipag-ugnayan. Kung alam at nauunawaan na ang pagkakaiba ng isa't isa, hindi na ito nagiging malaking problema. Sa pamamagitan ng maagang pagkilala at pag-unawa sa maliliit na pagkakaiba, maiiwasan ang mas malalaking alitan o hindi pagkakaunawaan sa hinaharap.

Kahalagahan ng paglikha ng lugar kung saan madali ang makipag-usap.

Mahalaga na mayroong lugar kung saan madaling magsimula ng usapan at may ugnayang nagpapadali ng pakikipag-usap. Mahalaga ang kakayahang magpaliwanag, ngunit kasinghalaga rin nito ang pagbuo at paghahanda ng isang kapaligiran o espasyo kung saan komportable at madaling makakapag-usap ang bawat isa.

Magkaiba man ng opinyon, nagsisikap na umunawa

Mahalagang isipin na “*Magkaiba man tayo, subukan nating buuin ang lipunang ito nang magkasama.*” Magmula ngayon, sa Lipunan na ating ginagalawan ay lubhang mahalaga ang empatiya^{*2}—ang kakayahang hindi man sumang-ayon, ay taos-pusong magsikap na umunawa.

^{*2} Empatiya: ang kakayahang isipin, “*Kung ako ang nasa kalagayan niya,*” at subukang unawain ang isang tao mula sa kanyang pananaw.

Mahalagang katangian ng isang lider

Ang mahalaga sa isang lider ay hindi lamang ang kakayahang magsalita nang lohikal, mahalaga rin ang kakayahang unawain at damhin ang nararamdaman ng mga taong hindi kayang ipahayag ang kanilang sarili sa paraang lohikal. Kapag hindi nauunawaan ng lider ang konteksto ng mga mahihina o nasa alanganing kalagayan, lalo lamang lalalim ang pagkakahati-hati ng lipunan. Sa hinaharap, kailangan ang edukasyon sa pamumuno na huhubog sa mga lider upang magkaroon ng kakayahang umunawa sa konteksto at kalagayan ng mga sektor na higit na nangangailangan ng pag-unawa at suporta sa lipunan.

Gawing lakas ang pagkakaiba ng bawat isa

Maaaring hindi tayo agad magkaintindihan at minsan ay parang walang saysay ang paulit-ulit na pagpapaliwanag, ngunit sa bandang huli, may mga kawili-wili at makabuluhang bagay na maaaring mangyari. Mahalaga na matukoy ang kasiya-siya sa pagkakaiba ng bawat isa. Hindi dahil “*ganito na ang nakasanayan*” ay susunod na lamang tayo” kundi sa pagtanggap ng mga bagong ideya, naniniwala akong mas magiging makatuwiran at makakapag-isip nang maayos ang bawat isa sa atin.

Ang mahalaga ay kung kaya ba nating pahalagahan at tamasahin ang pagiging kakaiba ng mga iyon. Sa halip, sa pagpasok ng mga bagong ideya, mas nagiging makatuwiran at mas mahusay tayong lahat.

Iyan ang ibig sabihin ng pagiging lakas ng pagkakaiba-iba.

Nawa'y pag-isipan din ninyo ito at harapin ang hinaharap nang may bukas na isipan.



Idinaos noong Oktubre 12, 2025
sa Inuyama Civic Exchange
Center

Manner at alituntunin sa paggamit ng bisikleta

1. Ating tuparin ang mga alituntunin sa trapiko.

- ◆ Magbisikleta sa kaliwang gilid ng kalsada sa isang hanay. Delikado ang parallel na pagbibisikleta.
- ◆ Sundin ang mga ilaw-trapiko.
- ◆ Magsuot ng helmet upang maprotektahan ang sarili.
- ◆ Tiyakin na nabuksan ang ilaw sa gabi para sa tiyak na kaligtasan.
- ◆ Delikado ang mag-angkas, magbisikleta habang may hawak na payong, at magbisikleta pagkatapos uminom ng alak.
- ◆ Delikado ang paggamit ng smartphone o cellphone habang nagbibisikleta.
- ◆ Delikado ang pakikinig ng malakas na musika gamit ang earphones habang nagbibisikleta.
- ◆ Delikado ang magpatakbo ng sobrang bilis.

2. Kung hindi ka naka-enroll sa "Bicycle Liability Insurance" ay maaaring magbayad ka ng malaking halaga ng danyos sa oras ng aksidente.

- ◆ Kapag nakapinsala ng gamit at nakasakit ng tao habang nagbibisikleta ay may posibilidad na magbayad ng malaking halaga sa danyos na resulta ng aksidente.
- ◆ Maaari kang mag-apply para sa insurance kung saan makakabili ng bisikleta na may nakadikit na "TS Mark."

3. May kapanatagan ng loob kung may "Crime Prevention Registration".

- ◆ Kapag may Crime Prevention Registration at ninakaw ang inyong bisikleta, mas mataas ang posibilidad na maibalik ito.
- ◆ Ang pagpaparehistro ay maaaring gawin kung saan mabibili ang bisikleta.

4. I-lock ang bisikleta at iparada ito sa tamang paradahan ng bisikleta.



Ang helmet ay proteksiyon ng ulo!



Delikado!!



Mas ligtas at panatag ang loob kung naka-lock ang bisikleta!

Ano ang pensiyon (Nenkin)?

Ang pampublikong sistema ng pensiyon ng Japan ay isang uri ng social insurance upang suportahan ang pamumuhay ng mga mamamayan.

◆ Makakatanggap ka ng pensiyon sa mga ganitong sitwasyon:

Kapag tumanda na (※).



Kapag nagkaroon ng malubhang kapansanan dahil sa sakit o aksidente.



Kapag pumanaw ang pangunahing nagtatrabaho sa pamilya.



※ Ang Basic Old-Age Pension (*Kourei Kiso Nenkin*) ay maaaring matanggap mula edad 65, kung ang kabuuang panahon ng pagiging kwalipikado (panahong nagbayad ng kontribusyon at ang panahong na-exempt sa pagbabayad) ay hindi bababa sa 10 taon.

◆ Mga uri ng pensiyon

1. **National Pension (*Kokumin Nenkin*):** Lahat ng taong nakatira sa Japan, na edad 20 pataas at wala pang 60, ay obligadong magbayad ng kontribusyon.

2. **Employees' Pension (*Kousei Nenkin*):** Ang mga empleyado ng kumpanya at mga pampublikong kawani ay obligadong magbayad ng kontribusyon bilang dagdag sa National Pension.

3. **Private Pension System (*Shiteki Nenkin Seido*):** Isa sa papel nito ay pandagdag sa pampublikong pensiyon. Kabilang dito ang company pension at iDeCo (Individual Defined Contribution Pension).

◆ Kung may mga tanong o nais malaman tungkol sa pensiyon:

※ Mga wika sa pagtugon sa interpreting service:

Ingles, Intsik, Hangle, Portuges, Espanyol, Tagalog, Vietnamese, Bahasa Indonesia, Thai, Nepali, at Burmese (Myanmar).

1. Magtungo sa tanggapan ng pension

- Ichinomiya Pension Office

<https://www.nenkin.go.jp/section/soudan/aichi/ichinomiya.html>

※ Kumuha muna ng appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono

(☎ 0586-45-1418), upang makatanggap ng interpreting service nang hindi na maghihintay.

<Lunes–Biyernes 8:30–17:15>



2. Magtanong sa pamamagitan ng tawag sa telepono (may bayad ang tawag)

<Lunes–Biyernes 8:30–17:15>

- Tungkol sa pagtanggap ng pensiyon ⇒ 0570-05-1165
- Tungkol sa paglahok sa National Pension ⇒ 0570-003-004
- Tungkol sa paglahok sa Employees' Pension Insurance at Health Insurance ⇒ 0570-007-123
- Tungkol sa Pension Statement (*Nenkin Teikibin*) at Nenkin Net ⇒ 0570-058-555

Pagpapakilala sa mga masisipag na estudyante sa Inuyama Japanese Language School

Ms. Gandi Leli Prasasti Arum, Nasyonalidad: Indonesia, Dumating sa Japan noong Marso 2025



Ipinanganak sa Bali. Kilala ito sa magandang dagat at sayaw na Kecak. Bago ako pumunta sa Japan, nag-aral ako ng wikang Nihongo sa paaralan nang halos kalahating taon. Natuto rin ako ng hiragana at simpleng kanji. Kasalukuyan akong nagtatrabaho sa isang nursing home para sa mga matatanda. Mababait ang mga residente, at may ilan pa ngang nagsabi sa akin na naaalala nila ang anak nilang babae sa akin. Nag-aaral ako sa Inuyama Japanese Language School na may layuning kumuha ng N3 level ng Japanese Language Proficiency Test. Mahal ko ang Japan, kaya gusto kong makuha ang aking lisensya bilang certified care worker at manirahan nang permanente rito. Para makamit ito, kailangan ko munang makapasa sa Japanese Language Proficiency Test sa antas na N3, kumpletuhin ang Initial Caregiver Training Program (3 buwan), at kumpletuhin ang Practitioner Training Program (5 buwan). Kung magiging isang certified care worker ako ay maaari kong mapapunta ang pamilya ko dito sa Japan. Ang Japan ay isang magandang bansa. Mababait ang mga Hapones, at kahanga-hanga ang kanilang etika sa pagtatrabaho. Sa tingin ko lamang, ay medyo istrikto ang mga Hapon pagdating sa oras. Noong una akong nanirahan sa Japan, naging mahirap ang segregasyon ng basura, pero mabait naman ang mga kapitbahay ko na nagturo sa akin kung paano ito gawin. Tuwing araw ng pahinga ko, nag-aaral ako ng wikang Nihongo o nakikipagkita sa mga kaibigan. Gustung-gusto ko ang Doraemon. Gusto kong mas higit pa na maunawaan ang kulturang Hapon. Masaya ako kung ang mga Hapones ay maaari ring matuto tungkol sa kulturang Indonesian.

Itinalagang Boluntaryo : Komento mula kay Goto Yoshimi ↓



Si Leli ay pumunta sa Japan, iniwan ang dalawang anak sa bansang sinilangan. Nakakamangha na nag-aral ng wikang Nihongo sa loob lamang ng anim na buwan sa bansang sinilangan at nagawang magsalita nang maayos. Napakagalang rin niya. Sa pagtatrabaho bilang caregiver na may panggabing iskedyul ay maingat sa pakikipag-ugnayan sa mga matatandang tenant. Sa silid-aralan, nag-aaral kami para sa Japanese Proficiency Exam. Madalas ay pagod na galing sa trabaho subalit nagsusumikap pa rin siyang pumasok. Interesado siya sa iba't ibang bagay gaya ng pagsubok ng hot spring. Niyaya niya ako at sinabing "Gusto kong subukan ang isang hot spring. Magpunta tayo." Gusto kong maranasan niya ang mga hot spring sa Japan.

Karaniwang salitang ginagamit sa Indonesia "Hello" ⇒ "Selamat Siang" (Selamat Siang), "Thank you" ⇒ "Terimakasih" (Terimakasih), "You're welcome" ⇒ "Sama-Sama" (Sama-Sama), "Kumusta ka?" ⇒ "Apa Kabar" (Apa Kabar), "Okay lang ako" ⇒ "Kabar Baik" (Kabar Baik)

Sa Inuyama Japanese Language School, maaari kang matuto ng wikang Nihongo tuwing linggo.


Ito ay isang silid-aralan ng wikang Hapones para sa mga dayuhan na nakatira sa paligid ng Inuyama, na nagbibigay-daan upang matutong makipag-usap sa wikang Hapones.

- Kailan • Oras : Tuwing Linggo. Simula 10:00 ~ 11:45 ng umaga
- ※ Pumunta ng 9:40 ng umaga ang mga unang beses pa lamang lalahok.
- Lugar : Inuyama Citizen Exchange Center "Freude" 2nd Floor Room 203
- Bayad sa pag aaral : 1 beses 100 yen
- Klase : Ang mga mag-aaral ay ipapasok sa mga klase na angkop sa kanilang antas at mga layunin.
- ※ Tiyakin sa ibaba ang detalye ng mga impormasyon tulad ng mga petsa at klase.
- Contact details : Inuyama International Association (IIA)

9:00 ng umaga ~ 5:00 ng hapon, Sarado ng Sabado, Linggo, Piyesta Opisyal, ika-2 at ika-4 na Lunes ng buwan

Lugar : Inuyama City, Matsumoto-cho, 4-chome, 21

TEL : 0568-48-1355 E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp




Matuto ng Nihongo sa inyong bakanteng oras, ~Makipag-ugnayan at Magpalawak Nihongo sa pamumuhay~

"Isang site para matutunan ang wikang Nihongo ng mga banyagang naninirahan sa Japan"

<https://tsunagarujp.mext.go.jp/>



Habang pinag-aaralan ang kultura ng isa't-isa, pag-uusapan kung paano makapamuhay sa isang maayos na bayan ang bawat isa.



Isang beses sa isang buwan, sa loob ng isang oras, pinag-uusapan ang isang itinakdang paksa sa wikang Nihongo. Malalaman ang tungkol sa kultura at mga kaugalian ng isa't isa habang ibinabahagi ang sariling mga saloobin. Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga tao mula sa iba't ibang bansa ay maraming bagong matutuklasan.

※Ginaganap ito nang salitan ng ordinaryong araw at Sabado.

**Aplikasyon para sa
“Multikultural na Klub ng
Pag-uusap” ➔**



<https://forms.gle/eMH9iucNB2Nx4ecS9>

Makikita rito ang mga
detalye sa mga
kaganapan ng IIA.

Homepage



Facebook



X



Masayang onomatopeia sa wikang Nihongo!

“Alam mo ba kung ano ang onomatopeia”? Ang onomatopeia ay tumutukoy sa mga salitang nagpapahayag ng mga kalagayan o galaw sa pamamagitan ng tunog. Ang pag-aaral ng mga onomatopeia sa wikang Nihongo ay nagpapasaya sa mga pag-uusap sa Hapones. Subukang gamitin ito!

gatsu-gatsu



Ang paraan ng
malakas na pagkain.

muzu-muzu



Parang may maliit na
insekto na gumagapang,
isang pangangati.

bosa-bosa



Hitsura ng
magulong buhok.

choro-choro



- ① Ang tunog o hitsura ng kaunting likido na dumadaloy palabas.
- ② Kondisyon na mabilis na paggalaw ng mga bata at maliit na bagay.

Cool Japan

Bonsai



Ang bonsai ay isang tradisyunal na sining ng Japan kung saan pinalalaki ang mga puno sa loob ng isang paso upang maipakita ang kagandahan at kadakilaan ng kalikasan sa maliit na anyo. Mayroon itong higit sa humigit-kumulang 1,000 taon na kasaysayan. Sa loob ng limitadong espasyo ng paso, kinokontrol ang paglaki ng puno sa pamamagitan ng maingat na pagpuputol ng mga sanga at paglalagay ng alambre upang hubugin ang anyo nito. Layunin nitong muling likhain ang hitsura ng malalaking punong makikita sa kalikasan, ngunit sa mas maliit na sukat. Hindi lamang ito simpleng pagtatanim ng halaman—ito ay isang anyo ng sining na nagpapahayag ng tanawin ng kalikasan at ng pananaw ng tagapag-alaga. Ipinapakita rin nito ang malalim na pagpapahalaga at estetikong sensibilidad ng mga Hapones sa buhay at kalikasan. Dahil ang bonsai ay isang buhay na halaman, wala itong ganap o permanenteng “tapos” na anyo. Patuloy itong nagbabago habang lumalaki, at ang patuloy na pagbabagong ito ang isa sa mga natatanging kagandahan nito. Sa kasalukuyan, kilala rin ito sa buong mundo bilang “bonsai,” at marami na ang nahuhumaling at natutuwa sa sining na ito sa iba't ibang bansa.

Inuyama Multilanguage Newsletter

Publikasyon/Editor: Inuyama International Multiexchange Association

〒484 - 0086 Aichiken Inuyama-shi Matsumoto-cho 4-21 Inuyama Community Center 『Freude』

TEL: (0568) 48-1355

FAX: (0568) 48-1356

HP: <http://iiea.info>

E-mail: iia@grace.ocn.ne.jp

Boluntaryong tagapagsalin ng wika:

Ingles: Kusakabe Kazuro, Yasumura Megumi, Uchimura Hidetomo, Hereward Tilton, Matsuo Harumi

Espanyol: Tawara Carlos, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Saeki Liliana

Portugues: Yara Marcos, Akagi Kazunori, Akagi Mitsue, Yoshida Gisele, Inaba Chiaki

Chinese: Ten Ru, Sun Jiao, Yang Liya, Ozawa Tsutomu

Vietnam: Pham Thi Nhu Hau, Tran Van-Ha, Truong Thi Tuyet

Tagalog: Higuchi Marita, Kawasaki Maria

※bersyon ng data⇒

